RECEIVED 06/08/2021 3:02 pm

#429

8:07 am

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 12**
**Serye 2021**

**PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA LUNGSOD NG MALOLOS HABANG NAKATINDIG ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWARENTINANG ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE.**

**SAPAGKAT,** noong ika- 27 ng Marso, 2021, sa pamamagitan ng Memorandum from the Executive Secretary, ipinabatid na inaprubahan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas ang mga rekomendasyon ng *Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF)* na napapaloob sa kanilang *Resolution 106-A*;

**SAPAGKAT,** sa bisa ng *Memorandum from the Executive Secretary* na my petsang 27 Marso, 2021 at ng *IATF Resolution 106-A* ay isinailalim sa Klasipikasyong Pangkuwarentinang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)* ang Lalawigan ng Bulacan;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng isang *press-briefing* na ginanap noong ika-3 ng Abril, 2021 ay ipinabatid ng kinatawan ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas ang pagpapalawig ng *Enhanced Community Quarantine* hanggang ika-11 ng Abril 2021;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, tungo sa nararapat na pagtalima sa *Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines (Omnibus Guidelines)* na may petsang 28 Marso 2021, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PANANATILI SA LOOB NG BAHAY SA LAHAT NG PANAHON.** Alinsunod sa Seksyon II Bilang 2 ng Omnibus Guidelines, ipatutupad ang mahigpit na pananatili sa loob ng bahay ng publiko habang ang Lungsod ay nasa ilalim ng ECQ liban na lamang kung ang dahilan ng paglabas ng bahay ay ang pagbili ng pagkain at pangunahing pangangailangan (essential goods) o services; at ang pagtupad sa mga gampaning hinihingi ng hanapbuhay.

Ikalawang Palapag ng Gusali ng Pamahalaang Lungsod
Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos 3000
Telephone No.: **0965-768-9338 / 0928-226-9755**
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION
"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."